

Pagbabawal sa Diskriminasyon

Magbibigay ang distrito ng magkakapantay na pang-edukasyong oportunidad at pakikitungo para sa lahat ng mag-aaral sa lahat ng aspeto ng programang pang-akademya at mga aktibidad ng programa nang hindi nandiskrimina batay sa lahi, relihiyon, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuan ng marangal na na-discharge na beterano o militar, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagpapahayag o pagkakakilanlan ng kasarian, katayuan ng pag-aasawa, pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pandama, pag-iisip, o katawan, o paggamit ng taong may kapansanan ng sinanay na asong panggabay o nagseserbisyong hayop. Walang diskriminasyon ang pag-access sa at paggamit ng mga pasilidad ng distrito gaya ng tinukoy sa Patakaran 4260. Walang sekswal na panliligalig ang mga programa ng distrito gaya ng tinukoy sa Patakaran 3205 at Patakaran 5011. Tinutugunan sa Patakaran 3207 ang pagbabawal ng panliligalig, pananakot, at pang-aapi, at nakabalangkas sa Pamamaraan 3241 ang mga pandisiplinang pamamaraan para sa maling pag-uugali, kasama ang, pero hindi limitado sa, pisikal na agresyon, pag-aaway, mga banta, bandalismo, panunuya, mapang-abusong wika, o pamimintas.

Hindi pinapalagpas ang pag-uugali laban sa sinumang mag-aaral batay sa isa sa mga kategoryang nakalista sa itaas. Itinuturing na mapandiskriminang panliligalig ang pag-uugaling sapat na malubha, paulit-ulit, o laganap para limitahan o itanggi ang kakayahan ng mag-aaral na lumahok o makinabang sa mga kursong inaalok, pang-edukasyong pangprograma, o anumang aktibidad ng distrito.

Kapag alam, o dapat makatwirang alam, ng isang empleyado ng distrito na may nagaganap o naganap na posibleng diskriminasyon o mapandiskriminang panliligalig, mamamagitan siya gaya ng naaangkop at susundin niya ang proseso at timeline para sa pag-ulat sa tagapangasiwa o Opisyal sa Pagsunod sa Mga Karapatang Sibil, gaya ng nakabalangkas sa Pamamaraan 3210P ukol sa Pagbabawal sa Diskriminasyon. Gagawa ang distrito ng mga maagap at mabisang paraan na makatwirang kinalkula para wakasan ang panliligalig, maiwasan ang pagbabalik nito, at malunasan ang mga epekto nito.

Sa minimum, magbibigay ang distrito ng taunang pagsasanay sa mga tagapangasiwa, tagapagturong sertipikado at sa silid-aralan, at tauhan ng tanggapan tungkol sa kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng patakarang ito para mapataas ang kamalayan at maalís ang pagkiling at diskriminasyon batay sa mga protektadong uri na tinukoy sa patakarang ito.

Gaya ng kinakailangan ng batas para matiyak na may magkakapantay na oportunidad para sa lahat ng mag-aaral, magbibigay ang distrito ng patuloy na abiso ng pahayag laban sa diskriminasyon sa website nito, at taunan itong maglalathala ng abisong makatwirang kinalkula para mabigyang-kaalaman ang mga mag-aaral, pamilya (sa wikang mauunawaan nila, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika), at empleyado ng pamamaraan sa reklamo ukol sa

diskriminasyon ng distrito. Isasama sa pahayag ang: 1) abiso na hindi mandiskrimina sa anumang programa o aktibidad ang distrito batay sa alinmang kategoryang nakalista sa itaas; 2) pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng opisyal sa pagsunod ng distrito para matiyak ang pagsunod sa patakarang ito; at 3) mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga opisyal sa pagsunod sa Seksyon 504 at Titulo IX ng distrito.

Magtatalaga ang tagapamanihala ng miyembro ng tauhang magsisilbing opisyal sa pagsunod para sa patakarang ito. Magiging responsable ang opisyal sa pagsunod sa mga reklamo ukol sa diskriminasyon na ipinagbibigay-alam sa distrito.

Mga Karugtong na Sanggunian:	Patakaran ng Lupon 2020	Pagbuo ng Kurikulum at Paggamit ng Mga Materyales sa Pagtuturo
	2030	Mga Nagseserbisyong Hayop sa Mga Paaralan
	2140	Paggabay at Pagpapayo
	2150	Programang Co-Curricular
	2151	Mga Aktibidad ng Iba't Ibang Paaralan
	2161	Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon at Kaugnay na Serbisyo
	3205	para sa Mga Kwalipikadong Mag-aaral Pagbabawal ng Sekswal na Panliligalig –
	3207	Mga Mag-aaral Pagbabawal sa Panliligalig, Pananakot, at Pang-aapi
	3241	Pag-uugali ng, Mga Aksyong Pangwasto, at/o Mga Interbensyon sa Mag-aaral
	4218	Plano ng Pag-access sa Wika
	4260	Paggamit ng Mga Pasilidad ng Paaralan
	5011	Sekswal na Panliligalig
Mga Legal na Sanggunian:	Kabanata 28A.640 RCW	Pagkakapantay-pantay ayon sa Kasarian
	Kabanata 28A.642 RCW	Pagbabawal sa diskriminasyon
	Kabanata 49.60 RCW	Diskriminasyon — Komisyon sa mga karapatang pantao
	Kabanata 392-190 WAC	Pantay na Pang-edukasyong Oportunidad — Ipinagbabawal ang Labag sa Batas na Diskriminasyon
	Kabanata 392-190-060 WAC	Pagsunod – Lokal na distrito ng paaralan – Pagtalaga ng responsableng empleado - Abiso
	Kabanata 392-400-215 WAC	Mga karapatan ng mag-aaral
	Kabanata 392-190-020 WAC	Pagsasanay – Mga responsibilidad ng tauhan – Kamalayan sa

pagkiling

34 CFR Seksyon 108.6

Magkakapantay na Access sa Mga
Pampublikong Pasilidad ng Paaralan
para sa Mga Boy Scout ng Amerika
at Iba Pang Itinalagang Grupo ng
Kabataan

42 U.S.C. §§ 12101-12213

Batas sa Mga Amerikanong May
Kapansanan

Mga Mapagkukunan ng Pangasiwaan:

Balita sa Patakaran at Legal na
Usapin, Disyembre 2014, Marso 2016

*Balita sa Patakaran at Legal na
Usapin*, Abril 2013

Balita sa Patakaran, Hunyo 2011

Balita sa Patakaran, Agosto
2007

Binagong Patakaran sa Pagbabawal sa
Diskriminasyon
Mga Batas sa Diskriminasyon ng
Washington

Batas Laban sa
Diskriminasyon ng
Washington

Petsa ng Paggamit: 09.18.12

Distrito ng Paaralan ng Bellevue

Binago noong: 11.19.13, 9.16.14, 08.05.20